# LUNSOD NG SAN DIEGO

## Proposisyon C

(Ang proposisyong ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

---

**PROPOSISYON C**

**SUMUSUSOG SA SALIGANG BATAS NG LUNSOD NG SAN DIEGO NA NAGTATAKDA SA PAGGAMIT NG KITA SA UPA MULA SA PARKE NG MISSION BAY.** Sususugan ba ang Saligang Batas ng Lunsod na nag-aatas sa taunang kita sa upa na galing sa Parke ng Mission Bay na sobra sa $23 milyon sa umpisa at bababa sa $20 milyon pagkatapos ng 5 taon na ibabahagi ng 75% para sa pagpapabuti ng kapital sa Parke ng Mission Bay at 25% para sa pagpapabuti ng kapital sa Chollas Lake, Balboa, Mission Trails, Otay River Valley, Presidio at mga Parke ng Ilog ng San Diego; mga parke ng bukas na espasyo; mga dalampasigan at magkakatabing mga parke ng dalampasigan; at panghinaharap na mga parkeng pang-rehiyon?

---

Ang proposisyong ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng simpleng mayoriya (higit sa 50%) ng mga botante na bumoboto sa proposisyon.

Ang pagsusog sa iminungkahing saligang batas ay sumusunod sa pangangatwirang pumapanig.

**OPISYAL NA TITULO AT KABUURAN NA INIHANDA NG ABUGADO NG LUNSOD**

## Titulo

ANG PROPOSISYON C. AY SUMUSUSOG SA SALIGANG BATAS UPANG ITAKDA ANG PAGGAMIT NG KITA SA UPA MULA SA PARKENG MISSION BAY.

## Kabuuran

Sususugan ba ang Saligang Batas ng Lunsod para iatas na ang taunang kita ng upa na nalilikom sa Parkeng Mission Bay na lumalampas sa $23 milyon sa umpisa at bumababa sa $20 milyon pagkatapos ng 5 taon ay ilaan ng 75% para sa mga pagpapabuti ng kapital sa Parkeng Mission Bay at 25% para sa mga pagpapabuti ng kapital sa Chollas Lake, Balboa, Mission Trails, Otay River Valley, Presidio at mga Parke ng Ilog ng San Diego; bukas na mga espasyo ng parke; mga dalampasigan at magkakatabing mga parke ng dalampasigan; at panghinaharap na mga parke ng rehiyon para sa 30 taon?

## Walang Pinapanigang Pagsusuri ng Abugado ng Lunsod

Ang Kodigo Munisipal ng San Diego seksyon 22.0229, ay nag-aatas ng sobrang kinita mula sa ari-ariang inaari ng lunsod sa loob ng Mission Bay na gagamitin para sa mga pagpapabuti ng kapital sa loob ng Mission Bay at sa mga pagpapabuti ng kapital, pagpaplano, ipinagpaliban na pagpapanatili, at mga pagkuha ng lupa para sa ilang mga Parke ng Rehiyon: Parkeng Balboa, Parkeng Pang-rehiyon ng Mission Trails, Parkeng Otay River Valley, Parkeng San Diego River, Programa ng Pangsanggalang ng Maramihang Uri na bukas na mga espasyo ng parke; mga dalampasigan sa baybay at mga karatig na parke ng dalampasigan. Ang sobrang kinita ay inilalarawan bilang ang taunang kita na nalilikom na lumalampas sa $20 milyon. Ang sobrang kinita ay hindi nagbibilang sa Buwis ng Pansamantalang Pagtira, buwis ng pagbebenta, buwis ng ari-arian o anumang ibang kita. May isang $5 milyon na taunang hangganan sa paglalaan; ibinahaging $2.5 milyon sa Pondo ng Mission Bay at $2.5 milyon sa Pondo ng Parkeng Pang-rehiyon. Subalit, ang Kodigo Munisipal ay nagpapahintulot din sa Tagapamahala ng Lunsod na hilingin na ang Konseho ng Lunsod ay magsuspendi sa mga pag-aatas ng seksyon na ito, kung ang mga inaasahang kita ay hindi sapat para mapanatili ang mga serbisyo ng Lunsod. Ang mga pag-aatas ng seksyon 22.0229 ay matatapos sa Hunyo 30, 2012.

## Walang Pinapanigang Pagsusuri ng Abugado ng Lunsod (Ipinagpatuloy)

Ang iminungkahing pagsusog sa Saligang Batas ay magkakabisa mula Hulyo 1, 2009 hanggang Hunyo 30, 2039. Ang pagsusog ay nagtatakda ng ibang halaga para sa sobrang mga kinita ng upa sa unang limang taon: ang sobrang mga kinita ng upa ay inilalarawan bilang ang taunang kita na nalilikom na lumalampas sa $23 milyon simula Hulyo 1, 2009 at matatapos sa Hunyo 30, 2014. Simula Hulyo 1, 2014, ang sobrang mga kinita ng upa ay itatakdang muli sa $20milyon. Ang iminungkahing pagsusog sa Saligang Batas ay nagpapalit din sa pamamahagi ng sobrang mga kinita ng upa: 75% ng sobrang mga kinita ng upa ay idedeposito sa isang Pondo ng Pagpapabuti ng Mission Bay at 25% ng sobrang mga kinita ng upa ay idedeposito sa isang Pondo ng Pagpapabuti ng mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego.

Ang mga pondo sa Pondo ng Pagpapabuti ng Mission Bay ay gagastusing una sa mga takdang pangunahing proyekto. Sa katapusan ng mga proyektong ito, ang mga pondo ay gagamitin para sa mga pagpapabuti ng kapital sa loob ng inilarawang Sona ng Pagpapabuti ng Mission Bay tulad ng inirekomenda ng Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Mission Bay at inaprubahan ng Konseho ng Lunsod.

Ang sobrang mga kinita ng upa na idineposito sa Pondo ng Pagpapabuti ng mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego ay gagastusin para sa mga pagpapabuti ng kapital sa Parkeng Chollas Lake, Parkeng Balboa, Parkeng Pang-rehiyon ng Mission Trails, Parkeng Otay River Valley, Parkeng Presidio, Parkeng San Diego River, bukas na mga espasyo ng parke; mga dalampasigan sa baybay at mga karatig na parke ng dalampasigan, at panghinaharap na mga parke na naglilingkod sa mga residente ng rehiyon at/o mga populasyon ng bisita na pagkatapos ay itatakda ng ordinansa ng Konseho ng Lunsod. Ang pagsusog ay hindi na magpapahintulot sa mga pondong gagastusin sa pagpaplano, ipinagpaliban na pagpapanatili, at mga pagkuha ng lupa. Ang mga pagpapabuti ay irerekomenda ng Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego at aaprubahan ng Konseho ng Lunsod.

Kung maaprubahan ang proposisyong ito, ang Kodigo Munisipal 22.0229 ay pawawalang bisa. Ang Komite ng Parke ng Mission Bay ay unang itatakda ng Konseho ng Lunsod na maglingkod bilang ang Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parke ng Mission Bay. Ang Lupon ng Parke at Paglilibang ay unang itatakda ng Konseho ng Lunsod na maglingkod bilang ang Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego.

## PAHAYAG NG TAMA SA PANANALAPI

- Simula sa taong piskal 2010 at magpapatuloy sa taong piskal 2014, lahat ng mga kinita sa upa ng Mission Bay na higit sa $23 milyon ay hahatiin 25% sa Pondo ng Pagpapabuti ng mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego at 75% sa Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay.
- Simula sa taong piskal 2015 at magpapatuloy sa bawat taon pagkatapos, lahat ng mga kinita sa upa ng Mission Bay na higit sa $20 milyon ay hahatiin 25% sa Pondo ng Pagpapabuti ng mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego at 75% sa Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay.
- Batay sa mga pagtatantiya ng kita sa mga darating na taon, simula sa taong piskal 2010 ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo na $2.8 milyon ay ipamamahaging muli sa Pondo ng Pagpapabuti ng mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego at Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay. Ito ay lalaki bawat taon batay sa pangkalahatang paglaki ng mga kita ng upa sa Mission Bay.
- Simula sa taong piskal 2015, ang karagdagang $3 milyon ay ipamamahaging muli sa Pondo ng Pagpapabuti ng mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego at Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay.

## Walang Pinapanigang Pagsusuri ng Abugado ng Lunsod (Ipinagpatuloy)

| Paglalaan ng mga Kinita sa Upa ng Mission Bay (sa mga milyon) | | | |
|---|---|---|---|
| TAONG PISKAL | Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego Pondo ng Pagpapabuti | Parkeng Mission Bay Pondo ng Pagpapabuti | Ipinamamahaging muli galing sa Pangkalahatang Pondo* |
| 2010 | $2.5 | $5.3 | $2.8 |
| 2011 | $2.5 | $6.2 | $3.7 |
| 2012 | $2.5 | $7.1 | $4.6 |
| 2013 | $2.6 | $8.0 | $5.6 |
| 2014 | $2.9 | $8.7 | $6.6 |
| 2015 | $3.9 | $11.7 | $10.6 |

* Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing pondo ng pamamalakad ng Lunsod na nagbabayad sa mga basikong serbisyo ng Lunsod, tulad ng kaligtasang pampubliko, mga parke, mga serbisyo ng aklatan, at pagkolekta ng basura.

# PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON C

**ANG KITA NG UPA NG MISSION BAY AY DAPAT PAKINABANGAN NG PARKENG MISSION BAY.**
Ang Parkeng Mission Bay ay isang panglibangan at pangkapaligirang yaman para sa lahat ng mga taga-San Diego. Ang Parke ay nagpoprotekta sa kalikasan, nagbibigay ng dose-dosenang mga gawaing panglibangan at umaakit ng mga turista para palakasin ang ating ekonomiya.

Hindi katulad ng ibang mga parke, ang Mission Bay ay lumilikom ng milyon-milyong dolyar para sa Lunsod sa pamamagitan ng mga upa sa mga otel, Sea World, at iba pang mga negosyo. Ang perang ito ay dating ginamit para bayaran ang Parkeng Mission Bay. Sa loob ng mahabang panahon, ito ay inililihis para magbayad sa ibang mga bagay.

**KATUNAYAN: 8% lamang ng kita ng upa ng Mission Bay ang ginagamit sa pagpapabuti ng Mission Bay; 92% ang ginagamit sa iba – karamihan para sa "pangkalahatang" mga gastos ng lunsod.**

**PAGBUTIHIN ANG MISSION BAY NA HINDI GUMAMIT NG MGA DOLYAR NG BUWIS.**
Ang Proposisyon C ay nagtataas sa halaga ng kita ng upa na taunang ginagamit sa mga proyekto para pagbutihin ang Parkeng Mission Bay sa humigit-kumulang $4.4 milyon. Ang halagang ito ay tataas habang tumataas ang mga kita ng upa. <u>Walang mga dolyar ng buwis ang gagamitin. Walang mga bagong buwis ang kailangan.</u>

Ang mga proyektong nangunguna ay nagbibilang sa:

- Palakihin ang mga basang lupa at pagbutihin ang uri ng tubig.
- Ibalik ang mga kanal ng tubig para sa kaligtasan ng namamangka.
- Tapusin ang mga daanan ng bisikleta at tao at mga tulay.
- Damihan ang mga sanggalang ng kalikasan at delikadong likas na tahanan.
- Pagbutihin ang seguridad sa pamamagitan ng paglalagay ng napapanatiling ilawang masinop sa enerhiya.

**REPORMA NG BADYET AT MALAYANG PANGANGASIWA**
Ang Proposisyon C ay isang matalinong reporma upang panatilihin ang perang nilikom ng Mission Bay **<u>sa</u>** Mission Bay. Ito ay isang susog sa panukalang batas na HINDI pahihindian ng mga pulitiko, at ito ay lilikha ng isang malayang nangangasiwang komite na titiyak na ang mga pondo ay ginagastos lamang para sa mga pagpapabuti ng parke.

**HIGIT PANG PERA PARA SA IBANG MGA PARKENG PANG-REHIYON**
Ang Proposisyon C ay nagpapamahagi ng $2.5 milyon taunan para sa mga pagpapabuti sa mga Parke ng Balboa, Mission Trails, Presidio, San Diego River, Otay River Valley, at Chollas Lake at mga lugar ng bukas na espasyo. Pagkatapos ng limang taon, ang halagang ito ay tataas habang tumataas ang kita ng upa.

## BUMOTO NG "OO" SA C UPANG SAGIPIN ANG MISSION BAY.

(Ang titulo ng mga pumipirma para sa mga layunin ng pagkilala lamang;
hindi nagpapahiwatig ng pagtangkilik ng anumang grupo.)

MIYEMBRO NG KONSEHO KEVIN FAULCONER
Tagapangulo, Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta

MIYEMBRO NG KONSEHO DONNA FRYE
Tagapangulo, Komite ng Likas na Pinagkukunan at Kultura

BOB OTTILIE
Nakaraang Tagapangulo, Komite ng Parkeng Mission Bay

WILBUR SMITH
Tagapangulo, Lupon ng Parke at Paglilibang ng San Diego

JERRY SANDERS
Alkalde

# PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON C

Walang pangangatwirang laban sa proposisyon ang itinala sa opisina ng Klerk ng Lunsod.

# IMINUNGKAHING PAGSUSOG SA SALIGANG BATAS

Ang Saligang Batas ng Lunsod ng San Diego ay sinusugan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng seksyon 55.2 sa Saligang Batas na mababasang sumusunod:

SEKSYON 55.2. MGA PONDO NG PAGPAPABUTI NG PARKENG MISSION BAY AT MGA PARKENG PANG-REHIYON

(a) Para sa layunin ng Seksyon na ito, ang sumusunod na mga paglalarawan ay uukol at ang mga salita ay lalabas sa nakahilig na sulat:

(1) *Pagpapabuti ng Kapital* ay nangangahulugan ng mga yamang pisikal, itinayo o binili, o ang muling pagpapaayos sa ilang bahagi ng isang pisikal o likas na yaman na magpaparami sa kanyang nagagamit na buhay ng isang taon o higit pa o nangangahulugan ng pagpapabuting pangkapaligiran ng isang likas na yaman.

(2) *Talaan ng Basihang Sukat ng Mission Bay* ay ilalarawan bilang ang mga plano ng paghukay ng Mission Bay na nakatala sa Klerk ng Lunsod bilang Dokumento Blg. 00-19776. Ito ay maglilingkod bilang basihan ng sukat para sa mga maaring mapuntahang tubig sa loob ng Mission Bay. Ang mga lalim ay maaring taasan o babaan para sa takdang mga lugar sa loob ng Mission Bay lamang kung, pagkatapos repasuhin ang mga lugar na ito ng Departamento ng Sunog ng San Diego o ng *Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*, napag-alaman na ang naunang lalim ay hindi na sumusuporta o nagtitiyak ng ligtas na pagpunta, hindi kaugma sa *Pangkalahatang Plano ng Parkeng Mission Bay*, o kailangang baguhin upang gumawa ng mapapanatiling mga dalampasigan. Anumang pagbabago ay kailangang pagtibayin ng ordinansa ng Konseho ng Lunsod at gaganap bilang mga pagsusog sa naunang mga plano ng paghukay.

(3) *Parke ng Mission Bay* ay nangangahulugan sa lugar na inilarawan ng Talaan ng Sukatan 169891 ng Parkeng Mission Bay, na itinala noong Pebrero 28, 2001, sa Opisina ng Tagapagtala ng County bilang Talaan Blg. 2001-0113422.

(4) *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* ay nangangahulugan sa mga lugar na sinasakop sa loob ng mga nasasakupan ng *Parke ng Mission Bay*, Oceanfront Walk mula sa daungan ng Mission Bay hanggang sa Crystal Pier at sa katabing pader ng dagat, mga parke ng dalampasigan at karatig na dalampasigan ng dagat, Rose Creek mula sa kanyang katapusan sa Mission Bay hanggang sa timugang dulo ng kanal ng pagkontrol ng baha ng Daanang Santa Fe, Tecolote Creek mula sa kanyang katapusan sa Mission Bay hanggang sa kanlurang dulo ng pagkontrol ng baha ng Tecolote Creek at ang Ilog ng San Diego habang ito ay dumadaan sa mga nasasakupan ng *Parkeng Mission Bay* tulad ng inilarawan dito. Ang mga nasasakupan ng Ilog ng San Diego, Rose Creek at Tecolote Creek ay ang magiging lapad ng mga daanang tubig na ito hanggang sa pinakamalapit na linya ng ari-arian.

(5) *Pondo ng ng Pagpapabuti ng Mission Bay* ay nangangahulugan ng isang hiwalay na pondo ng pananalaping nagtataglay ng interes na pinapanatili ng Lunsod ng San Diego upang tumanggap at gumastos ng *Mga Kinita sa Upa ng Mission Bay* na tinukoy dito para sa pakinabang ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*.

(6) *Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* ay nangangahulugan sa komite na itinakda ng ordinansa ng Konseho ng Lunsod na magpatupad sa mga pananagutan ng pangangasiwang inilarawan dito.

(7) *Mga Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* ay nangangahulugan ng lahat ng mga kinitang kinolekta ng Lunsod ng San Diego mula sa mga pinanggagalingang pangkomersiyo at walang tubo sa loob ng *Parkeng Mission Bay*, kabilang ngunit hindi nalilimitahan sa lahat ng perang tinanggap sa mga upa ng ari-ariang pag-aari sa loob ng *Parkeng Mission Bay*, gayundin ang nakolektang kita mula sa mga kontrata ng mga pagtitinda o anumang ibang kitang kinolekta para sa paggamit ng ari-ariang inaari sa loob ng *Parkeng Mission Bay*. Ang salita ay hindi nagbibilang sa kita mula sa Kurso ng Golp ng Mission Bay, maliban kung pribadong inupahan; mga bayad ng pagdaong; anumang kinita mula sa mga buwis kabilang ngunit hindi nalilimitahan sa Buwis ng Pansamantalang Pagtira, mga buwis ng pagbebenta, mga buwis ng interes ng pag-aari, mga buwis ng ari-arian; o mga bayad ng permiso tulad ng mga bayad ng parke at paglilibang o mga bayad ng espesyal na pangyayari sa hangganan na ipinapataw ang mga bayad na ito upang mabawi ang katunayang mga gastos ng Lunsod ng San Diego.

(8) *Pangkalahatang Plano ng Parkeng Mission Bay* ay nangangahulugan sa Pangkalahatang Plano na pinagtibay ng Konseho ng Lunsod para sa Parkeng Mission Bay noong 1994, ang Plano ng Pamamahala ng Likas na mga Pinagkukunan, at anumang mga pagsusog o pagbabagong pagkatapos ay pinagtibay ng Konseho ng Lunsod o anumang naturang kaparehong plano ng pagpapalit na maaring pagtibayin pagkatapos ng Konseho ng Lunsod. Para sa mga layunin ng Seksyon na ito, ang paglalarawan ay magbibilang din sa mga pinagtibay na plano para sa mga lugar na matatagpuan sa loob ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*.

(9) *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* ay nangangahulugang sa mga parkeng naglilingkod sa mga residente ng rehiyon at/o mga populasyon ng bisita na itinatakda ng ordinansa ng Konseho ng Lunsod. *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* ay sa umpisa magbibilang sa Parkeng Chollas Lake, Parkeng Balboa, Parkeng Pang-rehiyon ng Mission Trails, Parkeng Otay River Valley, Parkeng Presidio, Parkeng San Diego River, bukas na mga espasyo ng parke, mga dalampasigan sa baybay kasama ng mga karatig na parke ng dalampasigan dito. Para sa mga layunin ng Seksyon na ito, ang paglalarawan ay sadyang hindi magbibilang sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*.

(10) *Pondo ng Pagpapabuti ng Mga Parkeng Mission Bay* ay nangangahulugan ng isang hiwalay na pondo ng pananalaping nagtataglay ng interes na pinapanatili ng Lunsod ng San Diego upang tumanggap at gumastos sa *Mga Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* na tinukoy dito para sa pakinabang ng *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego*.

(11) *Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* ay nangangahulugan sa komite na itinakda ng ordinansa ng Konseho ng Lunsod na magpatupad sa mga pananagutan ng pangangasiwang inilarawan dito.

(b) *Mga Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* hanggang sa pamantayang halaga sa bawat taong piskal ay idedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng San Diego at maaring gamitin para sa anumang layuning munisipal, kabilang ngunit hindi nalilimitahan sa, pulis, sunog, mga kalye, tuberiyas, pamamahagi ng tubig, daanan, mga tulay, at pamamalakad ng mga parke. Lahat ng *Mga Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* na sobra sa pamantayang halaga ay ipamamahagi sa badyet ng Lunsod ng San Diego sa dalawang magkaibang mga pondo. Dalawampu't-limang porsyento (25%) ng *Mga Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* na sobra sa pamantayang halaga, o dalawang milyon limang daang libong dolyar ($2,500,000) alinman ang mas malaki, ay ibibigay sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* na tanging pinakikinabangan ng *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* at pitumpu't-limang porsyento (75%) ng *Mga Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* na sobra sa pamantayang halaga, o ang natira sa mga upa na ito kung mas mababa sa 75% ay maaring makuha pagkatapos ng pamamahagi sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego*, ay ibibigay sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* na tanging pinakikinabangan ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*. Ang pamantayang halaga ay magiging $23 milyon simula sa taong piskal 2010 at matatapos sa taong piskal 2014. Ang pamantayang halaga ay magiging $20 milyon simula sa taong piskal 2015 at mananatiling $20 milyon pagkatapos nito.

(c) Ang mga pondo sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* ay maaring gamitin lamang sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*, upang ipaayos ang mga basang lupa, tahanan ng ligaw na buhay, at iba pang mga yamang pangkapaligiran sa loob ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*, para ipagsanggalang ang mga napapakinabangang gamit ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* kabilang, ngunit hindi nililimitahan sa, uri ng tubig, pamamangka, langoy, pangingisda, at pagpipiknik sa pamamagitan ng pagpapanatili ng maaring mapuntahang tubig at pag-alis sa mga panganib ng pagpapatakbo; ibalik ang mga gilid ng tubig at ibang mga bagay na pagkontrol ng agnas; at pagbutihin ang mga kalagayan sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* para sa pakinabang at kasiyahan ng mga residente at bisita, kaugma sa *Pangkalahatang Plano ng Parkeng Mission Bay*.

(1) Para makamit ang mga layuning ito, lahat ng sumusunod na nabanggit na pangunahing tuon ay hinahangad na awtorisahan, tustusan, at tapusin sa ayos na ibinigay sa ibaba:

(A) Pagbabalik sa mga tubig na maaring mapuntahan sa loob ng *Parkeng Mission Bay* at pag-alis sa mga panganib ng pagpapatakbo. Kapag ang kalagayan ng lalim ay hindi na sumusuporta at tumitiyak sa ligtas na pagpapatakbo, ang mga lugar na ito na nagbibigay panganib o pumipigil sa pagpasa ng sasakyang tubig ay huhukayin alinsunod sa *Talaan ng Basihang Sukat ng Mission Bay*.

(B) Pagpapalaki ng basang lupa at mga pagpapabuti sa uri ng tubig at proteksiyon at pagpapalaki ng mga latag ng damuhang igat tulad ng tinukoy sa *Pangkalahatang Plano ng Parkeng Mission Bay*.

(C) Pagsasauli sa mga panggagamot ng dalampasigan sa loob ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* kabilang ang pagpuno ng buhangin ng dalampasigan at katatagan ng mga bagay na kumokontrol sa agnas.

(D) Magpapalaki ng nanganganib o binabantaang uri ng isinasanggalang at mga tahanan ng ligaw na buhay sa Isla ng North Fiesta at sa hanay ng salansan ng daanan ng baha sa Ilog ng San Diego River tulad ng tinukoy sa *Pangkalahatang Plano ng Parkeng Mission Bay*.

(E) Pagtatapos ng mga daanan ng bisikleta at tao tulad ng tinukoy sa *Pangkalahatang Plano ng Parkeng Mission Bay*, paglalagay ng napapanatiling ilaw sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*, paglalagay ng marka at halamanan sa lupa ng pasukan sa *Parkeng Mission Bay* at ang mga Timugang Dalampasigan, at ang pagpapaayos, pagpapatag at muling pagmamarka ng mga lote ng paradahan sa loob ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*.

(F) Pagbabalik sa uluhan ng pader ng dagat sa Oceanfront Walk sa isang kalagayang hindi bababa sa uri ng pag-aayos na ginawang dati noong 1998 mula sa Kalye ng Thomas hanggang sa Pacific Beach Drive o sa mga kalagayang maaring iatas ng makasaysayang mga pamantayan.

(G) Ipinagpalibang pagpapanatili na gayundin ay *Pagpapabuti ng Kapital* sa ilalim nito sa kasalukuyang mga yaman sa loob ng *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* na maaring irekomenda ng *Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* at inaprubahan ng Konseho ng Lunsod.

(2) Pagkatapos na ang bawat pangunahing proyektong tinukoy sa (c)(1)(A-G) sa itaas ay ibinadyet at inaprubahan ng Konseho ng Lunsod at ang isang plano ng pagpopondo ay inangkin para dito, ang konstruksiyon ng isang susunod na proyekto ay maaring mangyari kasabay nito kung ang konstruksyon ng mas mababang pangunahing proyekto ay hindi masyadong aantala, magpapatagal, o pipigil sa pagtapos ng isang nakakataas na pangunahing tuon. Sa hangganan na maaring makuha ang mga pondo mula sa mga paggawad o ibang pinanggagalingan para sa mas mababang tuon na proyekto bago natapos ang isang nakakataas na pangunahing tuon, o kapag nagkaroon ng malaking pagkaantala sa pagpapatuloy ng isang nakakataas na pangunahing tuon, ang mga pondo ay maaring italaga sa susunod na mas mababang tuon sa kaayusang itinakda sa (c)(1)(A-G), datapwat ang naturang paggastos sa mas mababang tuon ay hindi masyadong aantala, magpapatagal, o pipigil sa pagtapos ng isang nakakataas na pangunahing tuon. Ang Konseho ng Lunsod ay aatasang gumawa ng mga napag-alaman na ang pagtatapos ng isang proyektong may nakakataas na pangunahing tuon ay hindi masyadong maaantala, tatagal, o pipigil sa paggastos ng mga pondo sa isang proyektong mas mababang kaunahan bago aprubahan ang naturang gastos.

(3) Kapag ang mga proyektong tinukoy sa (c)(1)(A-G) ay ibinadyet o natapos na ng husto, ang karagdagang mga proyekto ay aayusin at tutustusan lamang ng mga *Pagpapabuti ng Kapital* tulad ng tinukoy sa *Pangkalahatang Plano ng Parkeng Mission Bay*, na inirekomenda ng *Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay*, at inaprubahan ng Konseho ng Lunsod.

(4) Sa hangganan na ang mga bagay sa (c)(1)(A-G) ay natapos dito at pagkatapos ay mangangailangan ng karagdangang mga *Pagpapabuti ng Kapital*, ang mga bagay na ito kung gayon ay magkakaroong muli ng kaunahan kaysa sa ibang mga *Pagpapabuti ng Kapital* kung aprubahan lamang ng Konseho ng Lunsod.

(5) Maliban sa takdang inawtorisahan sa itaas sa subseksyon na ito, ang mga pondo sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* ay hindi maaring gamitin para sa mga pagnenegosyong pangkomersiyo o pagpapabuti ng mga interes ng upa; para sa anumang halagang kaugnay sa mga utilidad, kabilang, ngunit hindi nililimitahan sa, tubig at tuberiyas; o para sa mga daan, tulay ng sasakyan, o rampa ng sasakyan; o sa mga halagang hindi maaring ikapital; o sa arawan, lingguhan, buwanan, o taunang pagpapanatili sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* at walang magiging gastos para sa kinontratang gawa o serbisyo o mga suweldo ng empleyado ng lunsod, mga pensiyon o benepisyo maliban kung ang mga gastos na ito ay maaring ikapital, at dito lamang sa mga pamantayang antas sa panahong ito na ginagamit ng Lunsod ng San Diego para sa lahat ng mga proyekto ng pagpapabuti sa kapital.

(d) Ang mga pondo sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* ay maaring gamitin lamang para sa pampublikong hindi pangkomersiyong mga *Pagpapabuti ng Kapital* para sa *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* at para sa mga paggamit lamang ng parke. Ang mga pondo sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* ay hindi maaring gamitin para sa mga pagnenegosyong pangkomersiyo o pagpapabuti ng mga interes ng upa; para sa anumang halagang kaugnay sa mga utilidad, kabilang, ngunit hindi nililimitahan sa, tubig at tuberiyas; o para sa mga daan, tulay ng sasakyan, o rampa ng sasakyan; o sa mga halagang hindi maaring ikapital; o sa arawan, lingguhan, buwanan, o taunang pagpapanatili sa *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego*.

Ang kaunahan para sa *Pagpapabuti ng Kapital* sa ilalim nito ay irerekomenda ng *Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego*, alinsunod sa mga pangkalahatang plano para sa bawat isa sa *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego*, at inaprubahan ng Konseho ng Lunsod.

(e) *Ang Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* at ang *Komite ng Pangangasiwa ng Pondo ng Pagpapabuti ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* ay magpupulong hindi bababa sa bawat tatlong buwan upang repasuhin at suriin ang pagpapairal sa Seksyon ng Saligang Batas, para magrekomenda ng mga kaunahan sa gastos at mga *Pagpapabuti ng Kapital* sa ilalim nito alinsunod sa mga pangkalahatang plano para sa bawat isa sa *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* o sa *Pangkalahatang Plano ng Mission Bay* o sa loob ng mga kaunahang tinukoy sa (c)(1)(A-G), na nauukol; at upang patunayan na ang angkop na mga pondo ay kinolekta, inihiwalay, pinanatili at ipinamahagi alinsunod sa layunin ng Seksyon na ito, at ginastos tulad ng inayos sa Seksyon na ito at kaugma nito.

Ang Tagapagtuos ng Kuwenta ng Lunsod ng San Diego, sa pakikipagtulungan sa bawat komite, ay magtatatag at mangangasiwa ng isang paraan upang matiyak ang pananagutang pampubliko sa pamamagitan ng epektibong pag-uulat at pagsasabi sa hangganan at kalikasan ng kinita, mga gastos at mga pagpapabuting nagawa sa ilalim nito at alinsunod sa mga atas na inilarawan dito. Ito ay magbibilang ng, sa pinakamababa, isang taunang ulat ng pagsusuri ng uri ng kuwenta sa Alkalde, Konseho ng Lunsod at publiko. Ang bawat ulat ay, sa pinakamababa, maglalaman ng isang buong pagkukuwenta ng lahat ng natanggap na kita, ang halaga at kalikasan ng lahat ng gastos, isang ulat na nagsasaad kung ang palagay ng bawat komite sa mga gastos ay naging katumbas ng mga pangunahing tuon at probisyon dito, kung sumunod ang Lunsod ng San Diego sa mga seksyon (c)(2), (f), (g) at (h).

Kapag napag-alaman ng alinmang komite na nagkaroon ng paglabag sa Seksyon na ito ng Saligang Batas ng Lunsod ng San Diego, dapat nitong itakda ang di-umanong paglabag sa isang nakasulat na pahayag sa Tagapamahala ng Lunsod at mga miyembro ng Konseho ng Lunsod ng San Diego. Kung hindi nalunasan ang di-umanong paglabag sa kasiyahan ng nasaktang komite sa loob ng 30 araw, ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay magtatakda ng isang usapin ng hakbang para sa isang pampublikong pulong ng Konseho ng Lunsod ng San Diego sa loob ng 60 araw. Kung ang ebidensyang iniharap sa Konseho ng Lunsod ng San Diego ng nasaktang komite ay nagpatunay ng isang paglabag sa Seksyon na ito, ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay lulunas kung gayon sa paglabag kabilang ngunit hindi nalilimitahan sa pagbabalik ng hindi hustong nagastos na mga pondo.

(f) Ang Lunsod ng San Diego ay gagawa ng lahat ng hakbang na kailangan upang matiyak ang pagkolekta at pagpanatili sa lahat ng mga *Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* para sa mga layuning inilarawan dito at para gamitin ang mga kinitang ito para lamang sa mga layuning inilarawan dito at kaugma sa mga pangunahing tuon at layuning inilarawan dito, Ang Lunsod ng San Diego ay maaring magpalabas ng mga bono, nota o iba pang pananagutan para mapabilis ang mga *Pagpapabuti ng Kapital* na pinag-iisipan dito, na gumagamit sa daloy ng pera mula sa *Kinita sa Upa ng Parkeng Mission Bay* na itinakda dito.

(g) Ang taunang mga badyet na inilaan para sa mga pagpapatakbo at pagpapanatili ng parke sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* at ang *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* ay hindi babawasan sa mas malaking antas o tataasan sa isang mas mababang antas kaugnay ng pangkalahatang taunang pagbabadyet ng parke at libangan bilang kinalabasan ng mga perang maaring makuha sa ilalim nito.

(h) Ang Lunsod ng San Diego ay hinihikayat na humanap ng ibang mga panggagalingan ng pondo para sa mga layunin ng pagpapabuti sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* at ang *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego*, kabilang ngunit hindi nalilimitahan sa paggawad ng pondo mula sa ibang mga ahensiya ng gobyerno, pribadong indibidwal, o mga pundasyon. Kapag ang Lunsod ng San Diego ay nakatanggap ng anumang karagdagang mga pondo, sila ay idadagdag sa, at hindi babawi sa o magbabawas sa mga pondong nakatalaga sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* o *Pondo ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* sa ilalim ng Seksyon na ito.

(i) Walang nilalaman dito ang pipigil sa Lunsod ng San Diego sa paggastos ng mga pondong sobra sa *Pondo ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* o *Pondo ng Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego* para sa mga layunin ng pabpapabuti sa *Sona ng Pagpapabuti ng Parkeng Mission Bay* o ang *Mga Parkeng Pang-rehiyon ng San Diego*.

(j) Ang Seksyon na ito ay magkakabisa at magkakaroon ng saysay sa Hulyo 1, 2009 at matatapos sa Hunyo 30, 2039. Bago ang katapusan ng Seksyon na ito, ang Konseho ng Lunsod ay maglalagay sa balota hindi lalampas sa huling karaniwang itinakdang eleksiyon bago dumating ang Hunyo 30, 2039 ng isang panukalang sususog sa Saligang Batas na pahabain ang epekto ng Seksyon na ito ng karagdagang 30 taon.

(k) Kapag nagkaroon ng kasalungatan sa pagitan ng anumang probisyon ng Seksyon 55.2 at anumang ibang probisyon ng Saligang Batas na ito o ng Kodigo Munisipal, ang Seksyon 55.2 ay mangingibabaw.

# LUNSOD NG SAN DIEGO

## Proposisyon D

(Ang proposisyong ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

---

**PROPOSISYON D**

**GINAGAWANG ILLEGAL ANG PAG-INOM NG ALAK SA MGA DALAMPASIGAN NG LUNSOD, PARKE NG MISSION BAY AT MGA PARKE NG TABING-DAGAT.** Sususugan ba ng mga Tao sa Lunsod ng San Diego ang Kodigo Munisipal ng San Diego seksiyon 56.54 upang gawing illegal ang pag-inom ng alak sa mga dalampasigan ng Lunsod, Parke ng Mission Bay, at mga parke ng tabing-dagat?

---

Ang proposisyong ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng isang simpleng mayoriya (higit sa 50%) ng mga botante na bumoboto sa proposisyon.

Ang buong teksto ng proposisyong ito ay sumusunod sa mga pangangatwiran.

## OPISYAL NA TITULO AT KABUURAN NA INIHANDA NG ABUGADO NG LUNSOD

### Titulo

**PAG-INOM NG ALAK SA MGA DALAMPASIGAN NG LUNSOD, PARKENG MISSION BAY, AT MGA PARKE NG TABING-DAGAT**

### Kabuuran

Sususugan ba ng mga Tao sa Lunsod ng San Diego ang Kodigo Munisipal ng San Diego seksiyon 56.54 upang gawing illegal ang pag-inom ng alak 24 oras isang araw sa mga dalampasigan ng Lunsod, Parkeng Mission Bay at lahat ng mga parke ng tabing-dagat?

### Walang Pinapanigang Pagsusuri ng Abugado ng Lunsod

Nakaraang Kasaysayan

Mula 1977, naging illegal na uminom ng alak sa ilang mga parke ng Lunsod at mga lugar at sa mga tabing-dagat ng Lunsod para sa maraming mga oras ng panahon (12, 16, o 24 oras) depende sa lugar. Ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay bumago sa batas sa maraming pagkakataon upang ayusin ang mga oras ng panahon o palitan ang mga lugar na sumasailalim sa mga pagbabawal ng alak.

Bago Enero 14, 2008, ang pag-inom ng alak ay naging illegal sa karamihan sa mga tabing-dagat ng Lunsod, karatig na mga parke at bangketa, at lahat ng lugar ng lupa ng Parkeng Mission Bay ng 16 oras bawat araw (ika-8 ng gabi hanggang ika-12 ng tanghali).

Ang ilang mga dalampasigan, parke ng tabing dagat at mga lugar ay sumailalim sa isang 12 oras (ika-8 ng gabi hanggang ika-8 ng umaga) na pagbabawal o 24 oras na pagbabawal ng pag-inom ng alak. Ang pag-inom ng alak ay pinayagan para sa mga natatanging pangyayari, sa mga kapihan ng bangketa, o sa ari-ariang inupahan mula sa Lunsod.

Noong Enero 14, 2008, ang isang taong 24 oras na pagbabawal ng pag-inom ng alak ay nagkaroon ng bisa. Ang pagbabawal, kung aprubahan ng Konseho ng Lunsod, ay magbabawal sa pag-inom ng alak buong 24 oras ng araw sa lahat ng mga tabing-dagat ng Lunsod, kabilang ang Parkeng Mission Bay at mga parke ng tabing dagat sa timog ng Parkeng Tourmaline Surfing. Ang pansamantalang pagbabawal ay nagpapahintulot sa pag-inom ng alak sa Kurso ng Golp ng Mission Bay, para sa mga natatanging pangyayari, sa mga kapihan ng bangketa, o sa ari-ariang inupahan mula sa Lunsod. Ang ibang, karamihang hindi tabing-dagat, mga parke at lugar ay mananatiling sasailalim sa kasalukuyang pagbabawal ng 12-, 16-, o 24 oras.

## Walang Pinapanigang Pagsusuri ng Abugado ng Lunsod (Ipinagpatuloy)

Mungkahi

Ang proposisyong ito, na magkakabisa sa Enero 15, 2009, ay humihiling sa mga botanteng ituloy at palawakin ang pansamantalang 24 oras na pagbabawal ng pag-inom ng alak sa mga tabing-dagat, Parkeng Mission Bay at mga parke ng dalampasigan. Ang proposisyon ay ginagawang illegal ang pag-inom ng alak 24 oras bawat araw sa Parkeng Mission Bay, lahat ng dalampasigang pampubliko ng Lunsod, mga bangketa, mga daanan, mga pasilyo, plasa, daungan, pader ng dagat, at lahat ng pasukan sa tabing dagat, tanawin at mga karapatan ng daan ng dalisdis. Ang proposisyon ay naglilista rin sa mga parke ng dalampasigang pampubliko na ibibilang, ang iba ay bago sa 24 oras na pagbabawal. Ang pag-inom ng alak ay papayagan sa mga kurso ng golp ng Mission Bay at Torrey Pines; mga natatanging pangyayari; mga kapihan ng bangketa; o ng isang paupahan ng Lunsod.

Kung aprubahan ng mga botante ang mga susog na inilarawan sa proposisyon, ang anumang panghinaharap na hangaring pawalang bisa o baguhin ang mga pagsusog na ito ay mag-aatas ng pag-apruba ng mga botante. Ang pag-apruba ng botante sa proposisyong ito ay hindi aapekto sa kasalukuyang mga batas na umiiral sa pag-inom ng alak sa ibang mga parke at lugar, kung ang kasalukuyang mga batas ay hindi sasalungat sa mga pagsusog na itinatag ng botante.

Kung hindi aprubahan ng mga botante ang proposisyon, ang isang taong pansamantalang pagbabawal ay mananatiling umiiral. Kapag natapos ito, ang batas na umiiral tungkol sa pag-inom ng alak sa Parkeng Mission Bay, mga parke ng dalampasigan at tabing dagat ay babalik sa naunang batas bago ang isang taong pansamantalang pagbabawal. Ang batas ay mananatiling sumasailalim sa pagbabago ng Konseho, o ng mga botante sa panghinaharap na mga eleksiyon. Ang mga botante ay maaring kumuha ng isang kopya ng umiiral na batas bago Enero 14, 2008 at sa isang taong pansamantalang pagbabawal ng alak mula sa Klerk ng Lunsod ng San Diego.

## PAHAYAG NG TAMA SA PANANALAPI

- Ang tama sa pananalapi ay hindi maaring bigyan ng takdang halaga sa ngayon, dahil sa kakulangan ng nauukol na datos at maaring mga tama tulad ng pagbabago sa halaga ng antas ng pagpapatupad, kaligtasang pampubliko & mga halaga ng pagtugon sa emerhensiya, buwis ng pagbebenta at mga kita ng buwis ng pansamantalang pagtira, at iba pang maaring hindi nalalamang mga pangyayari.
- Ang paglabag ng pagbabawal sa alak ay maaring bigyang-kasalanan at litisin bilang isang pagsuway o pagkakasala.

Mga Pagsuway: Ang sinumang taong lumalabag sa seksyon ng Kodigo Munisipal ay mumultahan ng $250 sa unang pangyayari o $500 para sa ikalawa o anumang susunod na pagkahuli sa loob ng panahon ng isang taon.

Maliit na mga Pagkakasala: Ang sinumang taong lumalabag sa seksyon ng Kodigo Munisipal ay mumultahan ng hindi hihigit sa $1000 o pagkakakulong sa Kalaboso ng County para sa isang panahon na hindi tatagal sa anim na buwan o kapwa multa at pagkakakulong.

# PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON D

## PANATILIHING LIGTAS AT MALINIS ANG ATING MGA DALAMPASIGAN: BUMOTO NG "OO" SA "D"

Ang San Diego ay dating tanging malaking lunsod sa Timugang California na nagpapahintulot sa alak sa dalampasigan. Ang lasing at magulong asal ay naging karaniwan buong taon sa mga dalampasigan ng lunsod.

Ito ay umabot noong 2007 Araw ng Gawa ng kaguluhan sa Pacific Beach na nangailangan ng 70 pulis na nakasuot ng panangga sa gulo upang watakin ang isang pangkat ng daan-daang mga lasing.

Sa unang bahagi ng taong ito, sinimulan ang isang ordinansang gumagawang walang alak sa ating mga dalampasigan para sa isang pagsubok na panahon ng isang taon.

Umaayon ang mga tagasagip ng buhay, nanunungkulang pulis at mga pamilya: **Ang pagbabago ay parang araw at gabi.**

- Ang mga pamilya ng San Diego na may maliliit na anak ay bumalik sa dalampasigan, na hindi na takot na ang kanilang araw ay sirain ng mga walang kontrol na lasing.
- Nagpapatunay ang mga tagasagip ng buhay, bumbero at paramediko na ito ay lumikha ng mas ligtas na kapaligiran, pinapahintulutan tayong magtuon ng pansin sa pagsagip ng mga buhay at gawing ligtas ang mga pumupunta sa dalampasigan.
- Nagpapatunay ang mga nanunungkulang pulis sa pagbaba ng krimen sa lugar ng dalampasigan, na nagpapalaya sa mga yaman na gamitin para paglingkuran ng husto ang mga kapitbahayan ng Lunsod.
- Ang buhangin ay hindi na nakalatan ng bundok ng basura.
- Ang mga matatandang mamamayan ay maaring magtamasa ng ligtas na paglalakad sa tabing dagat.

Kasalungat sa mga pangungusap ng may-ari ng tindahan ng alak na lumalaban sa hangaring lutasin ang problemang ito, ang ligtas at malinis na mga dalampasigan ay nakatulong sa mga negosyo sa lugar ng dalampasigan.

Ang San Diego ay nakabilang na ngayon sa ibang mga malalaking lunsod ng dalampasigan na naghahandog ng mataas na uring ligtas, malinis at walang alak na mga dalampasigan.

Ang botong "HINDI" sa "D" ay magpapabalik sa atin at muling gagawin ang San Diego na tanging malaking lunsod sa Timugang California na nagpapahintulot sa alak sa buhangin. Magkakaroong muli ng pagdumog sa mga krimen na kaugnay sa pag-inom at mga problema ng kaligtasang pampubliko.

Ang mga taga-San Diego ay may karapatan sa ligtas at malinis na mga dalampasigan. Bumoto ng "OO" sa "D".

**www.SafeBeaches.org**

TRACY JARMAN
Hepe ng Sunog ng San Diego

BILL NEMEC
Presidente, Kapisanan ng mga Nanunungkulang Pulis ng County ng San Diego

RANDY STRUNK
May-ari ng Negosyo, Surf Shop and Surf School

JULIE KLEIN
May-ari ng Maliit na Negosyo sa Lugar ng Dalampasigan at Magulang

KEN HEWITT
Hepe ng Tagasagip ng Buhay ng San Diego

# PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA D

**Ang gobyernong pinakakaunting mamahala … ay pinakamagaling na mamahala!**

Ngunit sa San Diego ang isang maliit na grupo ng mayaman, may-ari ng ari-arian sa dalampasigan ay nais alisin ang inyong karapatan na magtamasa sa inyong dalampasigan. **Ang pagtatanggal sa inyong mga karapatan at kalayaan** ay madali kaysa sa pagparusa ng mga nagkakasala, subalit **ito ang maling kalutasan.**

Higit sa 20 milyong tao ang bumibisita sa mga dalampasigan ng San Diego bawat taon. Narito ang mga katunayan:

- **99.9999 % ng mga gumagamit sa dalampasigan AY HINDI gumagawa ng anumang mga problema;**
- Ang mga dalampasigan ng San Diego ay palaging nakalista sa pambansang mga lathalain bilang pinakamagandang lugar ng bakasyunan para sa mga pamilya at walang asawa;
- Higit sa 30 batas ang kasalukuyang umiiral para parusahan ang mga nanggugulo.

**Hindi na legal** na:

- uminom ng wala sa edad;
- **maglasing sa publiko;**
- lumaban; o
- **sumira ng pag-aari.**

**Ang pagtatanggal sa mga karapatan ng maykapanagutang mamamayan ay HINDI isang paglutas.**

Ang pagpanatili sa inyong mga karapatan ay HINDI kailangang lahat o wala. **Ilan sa ibang mga kalutasan** hindi lamang sa isang PERMANENTENG pagbawal sa alak ay nagbibilang sa:

- Tatlong Daming Multa para sa mga paglabag na kaugnay ng alak.
- **"Piyesta Opisyal" at "Buong Gabing" pagbabawal sa alak LAMANG;**
- Walang Pagtitiis na pagpapairal ng pulisya.

Ang mga patakarang ito ay **nagpaparusa doon sa mga nagbibigay ng problema**, <u>hindi</u> sa maykapanagutang mga mamamayan ng San Diego!

Ang mga umaayon sa pagbabawal ay magsasabi ng kahit ano upang gawin kayong maniwala na mas maganda ang dalampasigan kapag may pagbabawal. Huwag paniwalaan ang kanilang propaganda! Narito ang **mga katunayan tungkol sa pagsubok na pagbabawal:**

- **Walang pagbaba ng krimen** sa dalampasigan. Sa totoo lamang, ang mga **DUI ay TUMAAS ng 40%** at ang krimen ay DUMAMI sa mga nakapaligid na kapitbahayan.
- Ang pagpunta sa tabing dagat ay bumaba ng husto. Ito ay nangangahulugan na ang ating lunsod ay may mas kaunting pera!
- Ang panahon at perang ginugugol ng pulis ay naging pareho mayroon man, o walang, pagbabawal ng alak.

## Walang Pinapanigang Pagsusuri ng Abugado ng Lunsod (Ipinagpatuloy)

**Huwag bayaang takutin kayo ng isang espesyal na interes na menoriya sa pagbotong tanggalin ang inyong mga karapatan.**

Mas higit na parusa para sa mga nanggugulo, **pagbabawal ng buong gabi at piyesta opisyal lamang,** at pagpapairal sa ating kasalukuyang mga batas ang tamang mga lunas para sa San Diego! **Bumoto ng Hindi Sa D!**

ROGER HEDGECOCK

JIM MADAFFER
PRESIDENTE PRO-TEM
Konseho ng Lunsod ng San Diego

DAVID J. GERSZ
PRESIDENTE
Kabataang Mga Demokratiko ng County ng San Diego

GEORGE PLESCIA
MIYEMBRO NG ASEMBLEYA IKA-75 DISTRITO
Lehislatura ng Estado ng California

MICHAEL BENOIT
TAGAPANGULO
Partidong Libertaryan ng County ng San Diego

# IMINUNGKAHING ORDINANSA

DITO PINAGTITIBAY ng mga Tao ng Lunsod ng San Diego na ang Kapitulo 5, Artikulo 6, Dibisyon 0 ng Kodigo Munisipal ng San Diego ay sa pamamagitan nito sinususugan, sa pagsusog ng seksyon 56.54 na mababasang sumusunod:

## § 56.54 Ipinagbabawal ang Pag-Inom Ng Alak Sa Ilang Mga Lugar

(a) Mga Paglalarawan. Para sa layunin ng mga seksyon 56.54, 56.55, at 56.56, ang sumusunod na mga salita ay inilalarawan tulad ng sumusunod:

*"Iniinom na alak"* ay may parehong kahulugan tulad ng itinakda sa Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon ng California seksyon 23004.

*"Dalampasigan"* ay nangangahulugan sa buhangin o lugar ng lupang katabi ng tubig ng isang dagat o baybay.

*"Parkeng pampubliko"* ay nangangahulugan sa anumang ari-ariang tinuringan, itinalaga o pinaunlad ng o sa ngalan ng Lunsod ng San Diego para sa paggamit ng parke o bukas na espasyo.

*"Pader ng dagat"* ay nangangahulugan sa anumang pader sa pagitan ng dalampasigan at daanan ng tabing dagat.

*"Kapihan sa bangketa"* ay may parehong kahulugan tulad ng itinakda sa Kodigo Munisipal ng San Diego seksyon 141.0621.

(b)-(d) [Walang pagbabago]

(e) Ang Seksyon 56.54 ay hindi nagbabawal sa:

(1) sinumang tao sa pag-inom ng *mga alak* sa loob ng inilarawang mga nasasakupan ng isang *kapihan sa bangketa* na matatagpuan sa pampublikong karapatan ng daan, o sa ari-ariang inuupahan sa Lunsod.

(2) anumang negosyo sa makabatas na pagtitinda o pagbibigay ng *mga iniinom na alak* alinsunod sa mga atas ng lokal at pang-estadong batas.

(f) Walang kinalaman sa anumang ibang probisyon ng seksyon 56.54 at ang kanyang mga apendise, at maliban sa itinakda sa seksyon 56.54(g), hindi makabatas para sa sinumang tao na uminom ng anumang *iniinom na alak* sa anumang panahon, sa lahat ng mga dalampasigang pampubliko, kabilang ang anumang mga bangketa, mga daanan, mga pasilyo, plasa, daungan, sa o kaharap sa *mga pader ng dagat*, sa pampublikong mga karapatan ng daan sa anumang *dalampasigan* o dalisdis ng tabing dagat, at lahat ng pasukan sa tabing dagat, tanawin at mga karapatan ng daan ng dalisdis, at kabilang ang karatig na mga *parke ng dalampasigang pampubliko* at mga lugar na nakalista sa ibaba:

Parkeng Calumet

Parkeng Charlotte

Parkeng Hermosa

Parkeng Hermosa Terrace

Parkeng Kellogg, kabilang ang daanan sa tabing dagat, *pader ng dagat* at Dalampasigan ng Tabing Dagat ng La Jolla

Parkeng La Strand

Dalampasigan ng Kalyeng Marine, kabilang ang dalampasigan, mga dalisdis, hagdanan at karatig na pampublikong karapatan ng daan sa pagitan ng hilagang linya ng ari-arian ng 274 Coast Boulevard at ang pagpapahabang kanluran ng hilagang panig ng Kalyeng Westbourne

Parkeng Mission Bay, kabilang ang lahat ng mga lugar ng lupain ng Parkeng Mission Bay, kabilang ang Bayside Walk, Lugar ng Palakasan ng Ocean Beach (Robb Field) at Parkeng Dusty Rhodes, kabilang ang mga lote ng paradahan, Puntong Santa Clara, mga Palaruan ng Kabataang Bob McEvoy (Mission Bay/Pacific Beach Youth Fields), Isla ng Fiesta, Daanan ng Tubig Famosa at Kanal, at Parke ng Kalyeng Fanuel

Parkeng Mission Beach, kabilang ang Parkeng Belmont mga lugar pampubliko at mga lote ng paradahan kabilang ang daanan sa tabing dagat, *pader ng dagat,* at ang *dalampasigan*

Parkeng Puntong Nicholson

Parkeng Ocean Beach, kabilang ang daanan sa tabing dagat, *pader ng dagat*, daungan, at ang *dalampasigan*

Parkeng Ocean Boulevard (Parkeng Pacific Beach), kabilang ang daanan sa tabing dagat, *pader ng dagat*, at ang *dalampasigan*

Parkeng Hilagang Palisades (hindi pinaunlad)

Parkeng Timugang Palisades (Kalye ng Law)

Parkeng Scripps

Parkeng South Mission Beach, kabilang ang daanan sa tabing dagat, *pader ng dagat*, at ang *dalampasigan*

Parkeng Likas na Sunset Cliffs

Parkeng Lunsod ng Torrey Pines

Parkeng Tourmaline Surfing

Parkeng Windansea

Lahat ng mga lote ng paradahan sa Parkeng Mission Bay

Lahat ng mga lote ng paradahan sa Dagat Pasipiko sa pagitan ng timugang sakop ng Parkeng Sunset Cliffs at ang pagitan ng timugang sakop ng Parkeng Pang-estado ng Torrey Pines

Ang Peninsula ng lupang kinikilala bilang "Ang Kabibi," kabilang ang lahat ng mga lupang pampublikong maaring mapuntahan ng mga tao sa kanluran ng Coast Walk at ang mga kuweba ng dagat ng La Jolla, at hilaga ng mga lote ng paradahang pampublikong katabi ng 1325 Coast Boulevard

Pantalan ng Crystal at Pantalan ng Ocean Beach

(g) Ang Seksyon 56.54(f) ay hindi uukol sa:

(1) Kurso ng Golp ng Mission Bay at Kurso ng Golp ng Torrey Pines;

(2) lahat ng mga lugar kung saan ang Tagapamahala ng Lunsod o kinatawan ay nagpalabas ng isang permiso ng natatanging pangyayari;

(3) kung pinayagan sa ilalim ng mga taning ng isang kasunduan sa Lunsod ng San Diego; at

(4) kung pinayagan ng seksyon 56.54(e).

Mga Apendise 56.54A-C [Walang pagbabago]

DITO HIGIT NA PINAGTITIBAY, na ang mga pagsusog na ito ay magkakabisa simula sa Enero 15, 2009.